



PATNUBAY SA MISA



16 Hunyo 2019

Dakilang Kapistahan ng Tatlong Persona sa Isang Diyos

Taon K

ARAW NG MGA AMA

ANG DIYOS NA IISA NGUNIT HINDI NAG-IISA

Tayo ay nagdiriwang ng Dakilang Kapistahan ng Tatlong Persona sa Iisang Diyos. Ito ang taluktok ng ating pananampalatayang Kristiyano. Tayo ay bininyagan sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Ang ating pangarap ay maging mapagmahal na anak ng Ama, masigasig na kapatid ni Hesukristo, at tunay na pinananahanan ng Espiritu Santo.

Ngunit kahit tatlo ang Persona ay iisa lang ang Diyos. Ang Diyos ang pinakamakapangyarihan sa lahat. Kailangang iisa lamang ang Diyos dahil kapag dalawa o tatlo ang Diyos ay wala nang makasasakop sa lahat; maghahati na sila ng nasasakupan.

Kaya nga lamang ay malungkot ang nag-iisa. Subalit ang Diyos ay hindi malungkot sapagkat hindi siya nag-iisa. Sa matindi at mahiwagang pagmamahalan ng Tatlong Persona sa isa't isa ay mararanasan ang ligayang walang hanggan.

Ipinagdiriwang din natin ngayon ang Araw ng mga Ama. Buong pasasalamat at pagmamahal nating ipagdasal di lamang ang sarili nating ama, kundi lahat ng mga ama sa daigdig.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Purihin ang D'yos na banal na sa ati'y nagmamahal. Ama na Bukal ng buhay, Anak na s'ya nating Daan, Espiritung ating Tanglaw.

Pagbati

P –Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B –At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P –Nais nating makaugnay ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo upang makasalo sa kanilang kaligayahan. Ngunit lagi tayong kapos. Humingi tayo ng tawad sa Diyos. (Manahimik sandali.)

P –Para sa aming kakulangang

iayon ang aming buhay sa ugnyayan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo, Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Para sa aming kakulangang ipalaganap ang pag-ibig ng Diyos sa mga tao sa aming paligid, Kristo, kaawaan mo kami!

B –Kristo, kaawaan mo kami!

P –Para sa aming kakulangang ikalat ang ligaya ng iyong buhay sa lipunang aming ginagalawan, Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at dalhin tayo sa buhay na walang hanggan.

B –Amen!

Papuri

B –Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa

mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P—Ama naming makapangyarihan, sa iyong pagsusugo sa Salitang Diyos na totoo at maaasahan at sa pagbibigay mo ng Espiritung nagpapabanal sa sanlibutan, ipinahayag ang iyong kahiwagaang dakila sa sangkatauhan. Sa panampalatayang amin ngayong ipinagdiriwang, ipagkaloob mong aming maidangal ang Tatlong Persona sa walang hanggang kadakilaan at aming sambahing lubusan ang iyong iisang pagka-Diyos sa mahal na kapangyarihan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B—Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Kaw 8:22-31
Sa siping ito galing sa Aklat ng Kawikaan, ang Karunungan ay kasama na ng Diyos sa simula't simula pa. Mababakas sa ugnayan ng Diyos at ng karunungan ang malalim na pag-iibigan ng Ama at ng Anak.

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ng mga Kawikaan

Ito ang sinasabi ng Karunungan ng Diyos: “Sa lahat ng nilikha ng Poon, ako ang siyang una, noong una pang panahon ako ay nilikha na. Matagal nang panahon nang anyuan niya ako, bago pa nilikha at naanyo itong mundo. Wala pa ang mga dagat nang ako’y lumitaw, wala pa ang mga bukal ng tubig na malilinaw. Wala pa ang mga burol, ganoon din ang mga bundok, nang ako ay isilang dito sa sansinukob. Ako muna ang nilikha bago ang lupa at bukid, nauna pa sa alabok, at sa lupang daigdig.


Nang likhain ang mga langit, ako ay naroon na, maging nang ang hangganan ng langit at lupa’y italaga. Naroon na rin ako nang ang ulap ay ilagay, at nang kanyang palitawin ang bukal sa kalaliman. Nang ilagay niya ang hangganan nitong dagat, nang patibayan nitong mundo ay ilagay at itatag, ako’y lagi niyang kasama at katulong sa gawain, ako ay ligaya niya at sa akin siya’y aliw. Ako ay nagdiwang nang daigdig ay matapos, dahil sa sangkatauhan, ligaya ko ay nalubos.”

Ang Salita ng Diyos!
B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 8

B—*Maningning ang iyong ngalan, Poon, sa sangkalupaan!*

R. M. Velez



* Ang likha mong langit, kung aking pagmasdan, pati mga tala, bituin at buwan; ano nga ang tao upang ‘yong alalahanin? Ay ano nga siya na sukat mong kalingain? **B.**

* Nilikha mo siya, na halos kaptay ng iyong luningning at kadakilaan! Pinamahala mo sa buong daigdig, sa lahat ng bagay malaki’t maliit. **B.**

* Mga baka’t tupa, hayop na mabangis at lahat ng ibong nasa himpapawid, at maging sa isda, sa ‘lalim ng tubig. **B.**

Ikalawang Pagbasa Ro 5:1-5

Ang siping ito galing sa Sulat sa mga Taga-Roma ay nagpapaliwanag na ang bunga ng kaligtasang dulot ni Kristo ay ang kapanatagan sa harapan ng Diyos, at ito ay sumasaatin sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

L—Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

Mga kapatid:

Yamang napawalang-sala na tayo dahil sa pananalig sa ating Panginoong Hesukristo, sa pamamagitan niya’y mayroon na tayong kapanatagan sa harapan ng Diyos. Sa pamamagitan nga niya’y tinatamasa natin ang kagandahang-loob ng Diyos, at lubos tayong nagagalak sa ating pag-asa na makakasama sa kanyang kaluwalhatian. Bukod dito, nagagalak tayo sa ating mga pagbabata sapagkat alam nating ito’y nagbubunga ng pagtitiyaga. At ang pagtitiyaga ay nagbubunga ng katatagan, at ang katatagan ay nagbubunga ng pag-asa.

Hindi tayo nabibigo sa ating pag-asa, sapagkat ang pag-ibig ng Diyos ay ibinuhos sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo na ipinagkaloob na sa atin.

Ang Salita ng Diyos!
B—Salamat sa Diyos!

Aleluya Pah 1:8

B—Aleluya! Aleluya!
Dakila ang Amang mahal, Anak, Espiritung Banal, noon, ngayon, kailanpaman.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Jn 16:12-15

Sa siping ito ng Ebanghelyo ni Juan, nasasaad na ang lahat ng itinuro ni Hesus ay galing sa Ama. Ang Espiritu Santo naman ang siyang nagpapaliwanag ng lahat ng itinuro ni Hesus, upang lumiwanag ito sa isip ng mga alagad at sa gayon ay lumakas ang kanilang panampalataya.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan
B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad: “Marami pa akong sasabihin sa inyo, ngunit hindi pa ninyo kayang unawain ngayon.

Pagdating ng Espiritu ng katotohanan, tutulungan niya kayo upang maunawaan ninyo ang buong katotohanan. Sapagkat magsasalita siya, hindi sa ganang kanyang sarili; sasabihin niya sa inyo ang kanyang narinig, at ipapahayag ang mga bagay na darating. Pararangalan niya kayo, sapagkat sa akin magmumula ang ipapahayag niya sa inyo.

Ang lahat ng sa Ama ay akin; kaya ko sinabing sa akin magmumula ang ipapahayag niya sa inyo.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at

huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P –Hingin natin sa Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo na maging bukas ang ating mga puso sa pagkilos ng Espiritu Santo. Ang ating sasambitin ay:

B –Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo, dinggin ninyo kami!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang sa tulong ng Tatlong Persona sa Iisang Diyos ay mabigkis nila sa pagmamahal ang Bayan ng Diyos, manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng mga kabataan ng ating bayan, upang sa taong ito ng mga kabataan ay lumago sila sa pag-ibig na siyang tutulong sa kanilang lumikha ng isang daigdig na puno ng pagmamahal, manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, lalo na sa mga bagong-halal, upang sa tulong ng Diyos ay malakipan nila ng pag-ibig ang pagpapatupad ng batas at paghahanap ng katarungan, manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng ama sa ating pamayanan at sa buong mundo, nawa sila'y igalang at mahal in ng kanilang mga anak at iba pang kaanak, manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa pagdiriwang na ito, upang sa ating pagsisikap na gawing tunay na mag-anak ang ating pamayanan ay lumago tayo sa kinakailangang pang-unawa, pag-ibig, at pagpapatawad, manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumigil sandali.*)
Manalangin tayo! **B.**

P –O Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo, pinupuri namin kayo sa inyong pagkakaisa at lubos na pag-iibigan. Tulungan ninyo

kaming matularan ang huwaran ninyong ipinakikita sa amin at nang magmahalan kami nang wagas. Dinggin ninyo kami, O Tatlong Personang nabubuhay at naghari bilang Iisang Diyos ngayon at magpasawalang hanggan.

B –Amen!



P –Manalangin kayo . . .

B –Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P –Ama naming Lumikha, gawin mong banal ang mga alay na aming inihanda ngayong aming sinasamba at sinasambit ang ngalan mong dakila at pakundangan sa mga alay na ngayo'y nasa dambana kami nawa'y maging laging nakalaan sa iyong adhika sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

Prepasyo

P –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat.

Kaisa ng iyong Anak at ng Espiritu Santo ikaw ay iisang Diyos na pinapanginoon ng mga tao. Ang iyong Anak at Espiritu'y di naiiba sa pagka-Diyos mo anupa't kahit tatlo'y iisang Diyos na totoo. Ang kadakilaan mong ipinahihiwatig upang aming panaligan ay siya rin naming sinasampalatayanang tungkol sa iyong Anak at Espiritung Banal. Bagama't may tanging pag-iral ang bawat isa, iisang Diyos pa rin ang aming sinasamba, sa kapangyarihang taglay ay walang pagkakaiba.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B –Santo, santo, santo Panginoon Diyos ng mga hukbo. Napuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B –Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



B –Ama namin . . .

P –Hinihiling namin . . .

B –Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B –Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinaabang

P –Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B –Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Espiritu ng D'yos Anak ang bigay sa ating lahat ng D'yos Amang naghahangad na tayo ay makatawag ng "Ama" sa kanyang habag.

Panalangin Pagkapakinabang

P –Ama naming mapagmahal, mapakinabangan nawa ng aming buong katauhan ang pagtanggap namin sa mga banal na pinagsaluhan at ang aming pagsamba nang may pananampalatayang lubusan sa Tatlong Persona ng iisang Diyos lamang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!



P –Sumainyo ang Panginoon.

B –At sumaiyo rin!

P –Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Manahimik sandali.*)

Iadya nawa kayo ng Diyos na ating Ama sa lahat ng kapahamakan at pagkalooban kayo ng Kanyang biyaya.

B –Amen!

P –Ikintal Niya nawa ang Kanyang Salita sa inyong puso at pusin kayo ng walang takdang kagalakan.

B –Amen!

P –Patnubayan nawa kayong lagi ng Kanyang Espiritu sa Kan-

yang landas nang nakakikilala ng tama't mali, hanggang sapitin ang inyong mana sa kalangitan.

B –Amen!

P –Basbasan kayo ng makapang-yarihang Diyos: Ama, Anak,

at Espiritu Santo.

B –Amen!

P –Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalín at paglingkuran ang Panginoon.

B –Salamat sa Diyos!

Munting Katesismo sa Taon ng mga Kabataan

(P. René T. Lagaya, SDB)

ANG DIYOS BILANG ULIRANG MAG-ANAK

Panimula: Ang *bahay* ay pinamamalagi ng mga tao, at maaaring sila ay hindi magka-kaugnay at ni hindi magkakilala. Ang *tahanan* naman ay tinitirhan ng isang mag-anak na binibigkis ng pag-ibig.

Pagpapalalim: Ang tumira sa isang tahanan ang pangarap ng bawat kabataan. Marami sa mga kabataan ay handang mag-sikap at magpakahirap para sa ikabubuti ng kanilang mag-anak. Pag-ibig ang kanilang hinahanap sa kanilang mag-anak. Pag-ibig din naman ang nais nilang ibigay sa kanilang mag-anak.

Pagbasa: Juan 16:12-15

Buod: Ang ulirang mag-anak ay may tatlong mahalagang katangian: (1) **pagmamahalan**; (2) **pagdadamayan**; (3) **pagkakaisa**.

Ang mga kaanib ng isang mag-anak, dahil sa kanilang pagmamahalan sa isa't isa, ay walang inggitan at walang pagmamataasan. Hindi nagagalit ang isang kaanib kung ang kanyang magulang, anak, o kapatid ay umaang-at sa buhay o mayroon ng wala siya. Ang mga nagmamahalang

kaanib ng isang mag-anak ay hindi nag-iisip na may higit na mahalaga sa kanila. Lahat ng kaanib ay mahalaga. Lahat sila ay parang mga daliri ng kamay. Ayaw mong mawala ni isa man sa iyong mga daliri. Ang Tatlong Persona ay talagang nagmamahalan sa isa't isa. Wala silang inggitan at sila ay pantay-pantay. Ang Ama ay hindi higit sa Anak. Hindi rin naman higit ang Anak sa Espiritu Santo.

Mahalaga rin sa mag-anak ang pagdadamayan. May mga kaanib na nagigipit o nagkakamali. Sila ay nangangailangan ng tulong. Walang iwanan sa isang ulirang mag-anak. Sa isang mag-anak na nagmamahalan ay handa namang tumulong ang lahat. Sa Tatlong Persona ang Ama ang nagbalak ng ating kaligtasan, ang Anak ang nagsakatupehan nito, at ang Espiritu Santo naman ang nagkakatatag ng biyayang-kaligtasan.

Ang mga kaanib ng isang ulirang mag-anak ay nagkakaisa. Ibinibigay ng Ama ang lahat sa Anak. Ibinibigay rin ng Anak ang lahat sa Ama. Pinagbubuklod naman ng Espiritu Santo ang Ama at ang Anak. Ang tindi ng

pagmamahalan ng Tatlong Persona sa isa't isa ay ganoon na lamang na ang Tatlong Persona ay hindi tatlong diyos kundi isang Diyos lamang.

Pagsasabuhay: Ang Tatlong Persona sa isang Diyos ay ang salamin ng ating buhay. Kung nais nating mabuhay nang maayos ay dapat nating tularan ang Diyos. Gaganda ang ating mag-anak kung ang buhay ng Diyos ay dadaloy sa bawat kaanib. Makatutulong kung magiging malapit tayong lahat sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo. Malalapit tayo sa Diyos sa panalangin at sa pagtulad sa mga pamamaraan ng Niya.

Pagdiriwang: Ama naming mapagmahal, isugo Mo sa amin ang Iyong Espiritu Santo upang dumaloy sa aming buhay ang biyayang-kaligtasang napagwagian ng Iyong Anak na si Hesukristo sa kanyang pagpapakasakit, pagkamatay, at muling pagkabuhay. Maiyong nawa namin ang aming mag-anak sa pagmamahalang Iyong ipinamamalas sa amin, kasama ng Iyong Anak at ng Espiritu Santo, Diyos magpasawalang hanggan. Amen.



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: Fr. B. Nolasco, J. Feliciano • Circulation: R. Saldua